IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Karanasan, Hamon, at Kuro-kurong Pang-edukasyon ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsulat sa mga Mag-aaral na Blaan

**SHELLY S. TOL**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
Shelly.salutan@deped.gov.ph

*Abstrak* — Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin at pagnilayan ang mga karanasan, paano napagtagumpayan ang mga hamon, at kuro-kuro ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan sa piling mataas na paaralan ng Sangay ng Davao del Sur. Sa pamaraang purposive sampling, napili ang sampung kahahok na sumalang sa pinalalim na panayam upang bigyan ng tugon ang mga tanong sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng disenyong penomenolohiya natuklasan na ang pangunahing karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan ay ang nahaharap sa mga hirap at balakid ng pagtuturo ng wika, nabigyang pagkakataong matutuhan ang isang wikang katutubo, nagbibigay ng mga pagsasanay sa elemento ng wika, at nakapagtatamo ng kaluguran dahil sa mga batang tinuturuan. Napagtagumpayan nila ang mga pangunahing hamon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsasalin mula sa wikang Filipino tungo sa wikang Blaan, pagtuturo ng mga teknikal na kaalaman sa pagsulat, at pag-aaral sa unang wika ng mga mag-aaral. Nais na ipabatid ng pag-aaral na kailangan ng pagpapayaman sa pedagohiya ng wika, paglinang ng diksyunaryo ng wikang Blaan at iba pang kagamitan, pag-aralan ang kultura at tradisyon ng mga Blaan, at pagbibigay ng mga pagsasanay sa pagsulat sa wikang Filipino at wikang Blaan.

***Mga Susing Salita — Filipino, Kuwalitatibo, mag-aaral na Blaan, Pagsulat, Penomenolohiya, Sangay ng Davao del Sur***

## I. Introduksyon

Ang pagsulat ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa pagkatuto, subalit nananatili itong hamon para sa maraming mag-aaral. Kadalasan ay nahihirapan silang makabuo ng malinaw at organisadong sulatin, na nagreresulta sa kahinaan sa akademiko at limitadong oportunidad sa hinaharap. Sa kabila ng mga ipinatutupad na programa, kapansin-pansin pa rin ang agwat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Sa pandaigdig at pambansang konteksto, malinaw na nananatiling hamon ang pagtuturo ng pagsulat. Sa iba't ibang bansa gaya ng Indonesia, Malaysia, at Morocco, naranasan ng mga guro ang kakulangan sa oras, kagamitan, at estratehiya, habang sa Pilipinas, malaking porsiyento ng mga mag-aaral ang nananatili sa mababang antas ng kasanayan sa pagsulat (Amalia & Fatimah, 2021; Rashid et al., 2022; Jebbour, 2021; Balinbin, 2020). Ipinapakita nito na ang suliranin ay hindi lamang lokal kundi pandaigdig din ang lawak.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sa konteksto naman ng Davao del Sur, partikular na hamon ang pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral na Blaan, isang malaking pangkat-etniko sa Mindanao na may sariling wika at kultura. Kakaunti ang pananaliksik na tumatalakay sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo sa kanila, lalo na sa pagtukoy ng mga hamon, estratehiya, at kuro-kuro sa edukasyon. Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na maitala ang kanilang karanasan upang makabuo ng mga rekomendasyong makatutulong sa pagpapabuti ng pagtuturo ng pagsulat sa mga katutubong mag-aaral.

## Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura

***ga Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsulat sa Filipino sa mga Mag-aaral na Blaan***

Ang pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral na katutubong Blaan ay isang masalimuot ngunit mahalagang proseso na nangangailangan ng masusing pagsasaalang-alang sa kanilang kultura, pedagohikal na estratehiya, at natatanging hamon sa pagkatuto. Ayon kay Ahmadi (2021), ang paggamit ng Indigenous psychological perspective sa malikhaing pagsulat ay nakapagpapalalim ng kahulugan ng proseso para sa kanila. Dagdag pa rito, ang paggamit ng metacognitive strategies gaya ng self-evaluation at reflection ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, lalo na kung sapat ang pagsasanay ng mga guro (Dollah, 2023). Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pananaliksik na ang epektibong pagtuturo ng pagsulat sa mga Indigenous na mag-aaral ay nakasalalay sa mga estratehiyang pedagogikal na malinaw na nakaangkla sa kanilang kultural na identidad at paraan ng pagkatuto (Meliasari et al., 2018).

Nahaharap naman ang mga guro sa iba't ibang hamon sa pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral mula sa pangkat-etniko, kabilang ang kakulangan sa balarila at bokabularyo, kahirapan sa pagbuo ng ideya, kawalan ng kasiglahan, at limitadong pasilidad (Ma, 2021; Akramovna et al., 2020; Amalia & Fatimah, 2021). Nakaaapekto rin ang hadlang sa wika sa kanilang akademikong pagganap (Bravo, 2023), at kadalasang nahihirapan silang magpahayag kung hindi pa lubos na napag-aralan ang pangalawang wika (McConville, 2019; Tus et al., 2023). Gayunpaman, iminungkahi ng iba't ibang pananaliksik ang paggamit ng makabagong teknolohiya, kolaboratibong pagkatuto, peer feedback, scaffolded learning, at task-based learning upang matulungan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat (Huo, 2020; Nangimah, 2020; Ahmed, 2018; Cuesta & Fernández, 2023; Balida et al., 2023). Bukod dito, binibigyang-diin ng mga pag-aaral ang kahalagahan ng pagkilala sa wikang katutubo at kultura, na nakapagpapataas ng motibasyon at nakatutulong sa pagpapanatili ng kanilang identidad (Kord & Baqeri, 2022; Reynolds-Case, 2022). Sa ganitong konteksto, ang pagtuturo ng pagsulat ay nagiging hindi lamang isang hamon kundi isang makabuluhang pagkakataon para sa mga guro na makabuo ng mabisang estratehiya at maranasan ang kasiyahan sa pagtuturo (Almutairi, 2018; Cheng & Zhang, 2022).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Mga Pagtatagumpay ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Blaan***

Ang pagpapabuti ng karanasan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga katutubong Blaan na mag-aaral ay nangangailangan ng komprehensibong pamamaraan na isinasaalang-alang ang kanilang kultural, panlipunan, at pang-edukasyong pangangailangan. Mahalaga ang pagsasama ng katutubong kaalaman at perspektiba sa kurikulum upang mapalalim ang kanilang pagkatuto at mapalakas ang identidad. Ayon kay Kovach (2020), mahalaga ang anti-racist at decolonizing approaches upang nirerespeto ang Indigenous worldviews, samantalang ipinakita nina Anantanukulwong et al. (2022) na ang integrasyon ng katutubong kaalaman ay may positibong epekto sa interes ng mga mag-aaral at nakababawas sa pakiramdam ng pagkakahiwalay sa akademikong kapaligiran.

Kaugnay nito, nakitang mahalaga ang papel ng pagsasalin bilang pedagogical tool sa pagtuturo ng wika. Ayon kay Sismat (2022), ang pagsasalin mula Filipino tungo sa wikang Blaan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayang lingguwistika ng mga mag-aaral, habang pinatutunayan din ng mga pananaliksik na nakapagpapahusay ito ng bokabularyo, balarila, at cross-cultural communication (Beiler & Dewilde, 2020; Linh, 2022; Stepanyan, 2022). Dagdag pa rito, napatunayan na ang pagsasama ng pagsasalin sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng kamalayan sa wika at nakatutulong sa paghubog ng mga kasanayang mahalaga para sa plurilingual at multilingguwal na mga silid-aralan (Ma, 2021; Galante, 2021).

Bukod sa pagsasalin, pinatutunayan din ng mga pag-aaral ang kahalagahan ng pagtuturo ng teknikal na kaalaman sa pagsulat at ang paggamit ng unang wika sa proseso ng pagkatuto. Binanggit nina Yu (2023) at Wang (2023) na ang malinaw na pagtuturo ng estruktura ng wika at tekstuwal na organisasyon ay nakapagpapabuti sa pagsulat ng mga hindi katutubong tagapagsalita. Dagdag pa rito, ipinakita nina Irwansyah (2019) at Kadel (2020) na ang paggamit ng katutubong wika ay nakatutulong sa pag-unawa ng konsepto at sa pag-aayos ng mga pagkakamali sa pagsulat. Ang mga salik kultural ay may malaking ambag din sa kasanayang lingguwistika, motibasyon, at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral (Bautista et al., 2019; Poonam et al., 2023). Dahil dito, malinaw na ang epektibong pagtuturo sa mga katutubong mag-aaral ay nangangailangan ng integrasyon ng kultura, wika, at teknikal na kasanayan upang higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

***Mga Mungkahing Pang-edukasyon para sa Papapahusay sa Pagtuturo ng Filipino***

Ang pagpapabuti ng karanasan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga katutubong Blaan na mag-aaral ay nangangailangan ng masusing pagtugon sa kanilang kultural, panlipunan, at pang-edukasyong pangangailangan. Mahalaga ang pagsasama ng katutubong kaalaman at pananaw sa kurikulum upang mapalakas ang kanilang identidad at mas maging makabuluhan ang pagkatuto. Ayon kay Kovach (2020), kinakailangang ipatupad ang anti-racist at decolonizing approaches upang igalang ang Indigenous worldviews, samantalang ipinakita nina Anantanukulwong et al.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

(2022) na ang integrasyon ng katutubong kaalaman ay nakapagpapataas ng interes at nakababawas sa pakiramdam ng pagkakahiwalay ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, natukoy na mahalaga ang papel ng pagsasalin bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Ayon kay Sismat (2022), ang pagsasalin mula Filipino tungo sa wikang Blaan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayang lingguwistika ng mga mag-aaral. Pinatutunayan din ng ibang pananaliksik na ito ay nakapagpapahusay ng bokabularyo, balarila, at cross-cultural communication (Beiler & Dewilde, 2020; Linh, 2022). Bukod dito, ipinakita ni Ma (2021) na ang pagsasalin ay nakatutulong sa multilingguwal na silid-aralan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kamalayan sa wika at paghubog ng kakayahang umangkop sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon.

Dagdag pa rito, pinatutunayan ng mga pag-aaral ang kahalagahan ng teknikal na kaalaman sa pagsulat at paggamit ng unang wika sa proseso ng pagkatuto. Ayon kina Yu (2023) at Wang (2023), ang malinaw na pagtuturo ng estruktura ng wika at tekstuwal na organisasyon ay nakapagpapabuti sa pagsulat ng mga hindi katutubong tagapagsalita. Samantala, ipinakita nina Irwansyah (2019) at Kadel (2020) na ang paggamit ng katutubong wika ay nakatutulong sa pag-unawa ng konsepto at sa pag-aayos ng mga pagkakamali sa pagsulat. Dagdag pa, binigyang-diin nina Bautista et al. (2019) at Poonam et al. (2023) na ang mga salik kultural ay may malaking impluwensya sa kasanayang lingguwistika, motibasyon, at estilo ng pagkatuto. Sa kabuuan, malinaw na ang epektibong pagtuturo sa mga katutubong mag-aaral ay nakabatay sa integrasyon ng kultura, wika, at teknikal na kasanayan upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

## II. Pamamaraan

Ang kabanatang ito ay nakatuon sa disenyo at metodolohiya ng pananaliksik na isinagawa sa Division of Davao del Sur. Saklaw nito ang mga pilosopikal na palagay, kuwalitatibong lapit, disenyo ng pag-aaral, mga kalahok, tungkulin ng mananaliksik, etikal na konsiderasyon, at ang proseso ng pangangalap at pagsusuri ng datos. Ginamit ang kuwalitatibong pamamaraan upang masuri at maunawaan ang mga karanasan ng mga gurong kalahok, gayundin ang mga hamon at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa konteksto ng kanilang lugar. Mahigpit ding isinasaalang-alang ang mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang kapakanan at dignidad ng mga kalahok, habang ang kanilang mga salaysay ay nagsilbing pangunahing batayan sa pagbuo ng mga pananaw at kongklusyon ng pananaliksik.

### Pilosopikal na Paniniwala

Binaggit ni Creswell (2013), may apat na pangunahing palagay na dapat isaalang-alang sa pananaliksik: ontolohiya, epistemolohiya, axiolohiya, at retorika. Ang ontolohiya ay nakatuon sa pagtanggap ng maraming katotohanan, kaya't sa kwalitatibong disenyo ng pag-aaral na ito, inilahad ang iba't ibang pananaw at karanasan ng mga gurong nagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan sa Division ng Davao del Sur gamit ang kanilang aktuwal na pahayag at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

karanasan (Moustakas, 1994). Sa epistemolohiya, isinagawa ang pananaliksik nang malapit sa mga guro upang makuha ang kanilang mga saloobin at personal na karanasan, na nagsilbing batayan ng datos at nagbigay-diin sa kanilang mga tagumpay, hamon, at pananaw sa pagtuturo. Ang axiolohiya naman ay nagtampok sa kahalagahan ng integridad, respeto, at etikal na pamantayan sa proseso ng pananaliksik, kung saan ang mananaliksik ay kumikilala sa sariling pagpapahalaga ngunit pinananatili ang pagiging lantad at kamalayan upang maiwasan ang pagkiling. Samantala, ang retorika ay nakatuon sa malinaw, kapani-paniwala, at makahulugang presentasyon ng mga natuklasan, gamit ang angkop na wika, estratehiya ng pagsasalaysay, at iba't ibang pamamaraan upang epektibong maiparating ang resulta ng pag-aaral sa mga mambabasa.

**Pilosopikal na Palagay**

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng kwalitatibong disenyo na nakaugat sa penomenolohikal na pananaw, kung saan ang kaalaman ay nakabatay sa mga tunay na karanasan at pagbabahagi ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan. Ontolohikal na ipinapalagay na ang bawat kalahok ay may sariling realidad na hinubog ng kanilang natatanging konteksto at pedagogikal na karanasan, kaya't inaasahang magkakaiba ang mga anyo ng katotohanang ilalantad nila.

Sa aspeto ng epistemolohiya, binibigyang-halaga ang pakikipag-ugnayan nang malapit at may paggalang sa mga guro upang makuha ang kanilang tapat at makabuluhang pananaw na magsisilbing batayan ng datos. Samantala, sa dimensyong aksiyolohikal, nangingibabaw ang etikal na konsiderasyon kung saan ginagarantiyahan ang boluntaryo, tapat, at walang bahid ng personal na interes na partisipasyon ng mga kalahok, habang pinananatili ang kanilang dignidad at karapatan. Sa metodolohikal na bahagi, ipinatupad ang penomenolohikal na pamamaraan upang masuri at mapakahulugan ang kanilang mga karanasan mula mismo sa kanilang sariling pananaw.

Kasama rin dito ang paggamit ng inklusyon na pamantayan upang matiyak na ang mga kalahok ay tunay na nakaranas ng parehong penomena sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng ganitong paglapit, higit na naipaliliwanag ang mga karanasan, estratehiya, at realidad ng pagtuturo ng Filipino sa loob ng kultural at pang-edukasyong konteksto ng mga Blaan sa Division ng Davao del Sur.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay kuwalitatibo at nakabatay sa penomenolohikal na pananaw na naglalayong maunawaan ang makabuluhang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan. Ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa paglalarawan ng mga karanasan ng indibidwal, hindi batay sa teorya kundi sa kanilang aktwal na karanasan (Creswell & Creswell, 2017; Merriam, 2009; Smith, 2018), at pinapahintulutang makita kung paano tinitingnan ng mga tao ang kanilang realidad (Hancock, Windridge, & Ockleford, 2009). Sa pamamagitan ng paggamit ng kwalitatibong datos tulad ng panayam, dokumento, at obserbasyon, nagiging posible ang pagbubuo ng mga teorya at malalim na pag-unawa sa isang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

tiyak na konteksto. Ang resulta nito ay palarawan kaysa prediktibo (Qualitative Research Consultant Association, 2015), kaya't ginamit sa pag-aaral na ito ang mga deskriptibong datos mula sa salaysay ng mga kalahok upang makuha ang iba't ibang kaalaman mula sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo. Ang disenyo ay pinili upang makakalap ng tapat at makabuluhang impormasyon sa pamamagitan ng malalim na panayam gamit ang inihandang interview guide, na nagsilbing gabay upang matiyak ang pagkakapareho at pagiging wasto ng tugon ng mga kalahok. Sa ganitong paraan, naging posible ang masusing pagsusuri ng kanilang mga karanasan at hamon sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan sa Division ng Davao del Sur.

**Mga Pamantayang Etikal**

**Informed Consent** – Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, proseso, at epekto ng pananaliksik, at akasaad ang kanilang karapatang umatras anumang oras.

**Kusang-Loob na Paglahok** – Tiniyak na ang paglahok ay boluntaryo at walang magiging negatibong epekto kung hindi sila sumali o umatras.

**Mga Benepisyo, Panganib, at Kaligtasan** – Minimal ang panganib at nakatuon ang pag-aaral sa pagbabahagi ng karanasan, habang naglalayong magbigay ng benepisyo sa edukasyon.

**Kwalipikasyon ng Mananaliksik** – Ang mananaliksik ay may higit sampung taon na karanasan at gumabay ang adviser upang matiyak ang etikal na proseso.

**Angkop na Pasilidad** – Isinagawa ang panayam sa ligtas at komportableng lugar gamit ang angkop na kagamitan at sanggunian.

**Pagkubli ng Pagkakakilanlan at Pagiging Kompidensyal** – Hindi ginamit ang tunay na pangalan at ligtas na iniimbak ang lahat ng datos.

**Salungatan ng Interes** – Walang personal, propesyonal, o pinansyal na interes na nakaaapekto sa pag-aaral.

**Katarungan** – Pantay na pagkakataon ang ibinigay sa lahat ng kalahok anuman ang lahi, kasarian, o katayuan.

**Transparency** – Naging bukas at tapat ang mananaliksik sa lahat ng yugto at ipinasapubliko ang resulta nang may paggalang sa pagiging kompidensyal.

**Mga Kalahok at Paraan ng Pagpili**

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng sampung (10) gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa piling mataas na paaralan sa Sangay ng Davao del Sur. Sila ang piniling kalahok upang matamo ang layunin ng pag-aaral na maunawaan at mailarawan ang kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan. Alinsunod sa rekomendasyon ni Polkinghorne (1989), ang pagkakaroon ng 20 o mas kaunting kalahok ay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

nakatutulong upang mabuo at mapanatili ang malapit na ugnayan sa pagitan ng mananaliksik at mga respondente, kaya't nagiging mas bukas at tapat ang daloy ng impormasyon. Ito rin ay nakapagpapababa ng banta ng pagkiling at nakatitiyak ng bisa at wasto ng datos. Dahil dito, itinakda sa sampu ang kabuuang bilang ng kalahok upang maisagawa ang masusing pakikipanayam. Ginamit sa pagpili ang purposive sampling, isang non-probability sampling na karaniwang ginagamit sa kwalitatibong pananaliksik, kung saan ang mga kalahok ay pinili batay sa kanilang tiyak na karanasan, kategorya, at katangian. Ayon kay Patton (2015), ang purposive sampling ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na makapili ng mga kalahok gamit ang kanilang mahusay na paghuhusga upang makuha ang mga kinakailangang impormasyon.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay self-made at binuo ng mananaliksik batay sa layunin ng pananaliksik. Upang matiyak ang bisa at kaangkupan nito, isinailalim ito sa ekspertong balidasyon ng mga dalubhasa sa larangan ng kwalitatibong pananaliksik. Ang kanilang puna at mungkahi ay ginamit sa pagrerebisa ng mga tanong upang masigurong angkop, malinaw, at naaayon sa konteksto ng pag-aaral. Sa pangangalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng semi-structured na panayam na sinamahan ng mga probe questions upang higit na masiyasat at matuklasan ang masalimuot na karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan. Ang semi-structured na panayam ay nagbigay ng balangkas na gabay para sa talakayan ngunit sapat na maluwag upang pahintulutan ang mga kalahok na malayang maipahayag ang kanilang pananaw, saloobin, at karanasan.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Batay sa pananaw nina Tracy (2012) at Creswell (2013), mahalagang tungkulin ng isang mananaliksik sa kwalitatibong pananaliksik ang pagkuha, pagsusuri, at pagtatala ng datos mula sa mga mapagkakatiwalaang kalahok sa paraang maingat, wasto, at etikal. Sa pag-aaral na ito, ginampanan ko ang iba't ibang papel bilang tagapanayam, tagapagtala, tagapagsalin, at tagasuri ng datos, kung saan tiniyak kong maayos, tapat, at walang pagkiling ang bawat hakbang mula sa pangangalap hanggang sa pagsusuri. Pinanatili kong kumpidensyal ang lahat ng impormasyon, isinagawa ang pagsasalin at pag-aanalisa nang may katumpakan, at humingi ng gabay mula sa mga eksperto upang masigurong ang mga tema at natuklasan ay tunay na sumasalamin sa karanasan ng mga kalahok. Higit sa lahat, isinantabi ko ang personal na opinyon at interes upang mapanatili ang tiwala ng mga kalahok, na itinuturing na pinakamahalagang sangkap sa matagumpay na pagbuo ng isang makabuluhang kwalitatibong pag-aaral.

**Paglikom ng mga Datos**

Sa kwalitatibong pananaliksik, sapat na ang makabuluhang pakikilahok ng piling kalahok kaysa sa lahat ng indibidwal (Creswell & Creswell, 2017; Patton, 2015). Humingi ng pahintulot mula sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Riza Memorial Colleges at sa Tagapamanihalang Pansangay ng Lungsod ng Davao del Sur upang maisagawa ang pag-aaral sa piling guro ng Sangay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ng Davao del Sur. Matapos nito, nakipag-ugnayan sa mga punong-guro at guro na binigyan ng liham-pahintulot at oryentasyon hinggil sa layunin, proseso, at lugar ng panayam. Isinagawa ang pinalalim na panayam sa sampung guro gamit ang audio-recording at masusing pagtatala. Ang kanilang mga tugon ay isinalin nang verbatim at binigyan ng alyas upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal. Kasunod nito, dumaan ang datos sa transkripsyon, pagsusuri, at tematikong analisis. Sa kabuuan, isinagawa ang lahat nang may mataas na pagtalima sa etika at proteksyon sa identidad ng mga kalahok.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ayon kina Lapadat at Lindsay (1998), ang paglilipat ng mga sagot mula sa pakikipanayam tungo sa anyo ng transcript ay isang mahalagang hakbang sa pagsusuri ng mga nakalap na datos, at karaniwang gumagamit ng audio recording upang matiyak ang katumpakan ng mga tugon. Samantala, binigyang-diin ni Saldaña (2009) na ang kwalitatibong pagsusuri ng datos ay nakaugat sa malalim na pag-unawa batay sa pilosopikal na konteksto. Kaya, sa pag-aaral na ito ay ginamit ang mga pangungusap at talata sa pagsusuri ng datos, na siyang nagtatangi rito mula sa mga kwantitatibong pamamaraan. Sinunod din ang mga hakbang na inilahad ni Saldaña para sa penomenolohikal na pagsusuri: transkripsyon, pagbubuo ng kahulugan, pagkategorya at pagklaster ng mga tema, tematikong pagsusuri, depinisyon ng mga tema, pagkakaltas ng mga resulta, at balidasyon ng mga resulta. Mahalaga ang tematikong pagsusuri bilang pangunahing lapit sa pagsusuri ng datos sapagkat nagbibigay ito ng malawak na teoretikal na kakayahan at maaaring gamitin sa iba't ibang disiplina (Clarke & Braun, 2013). Nagbibigay ito ng kakayahan sa mga mananaliksik na makabuo ng theory-driven o data-driven na natuklasan, depende sa konteksto ng datos. Tulad ng ipinaliwanag nina Miles at Huberman (1994), ang masusing pagbubukod-bukod at pagsusuri ng datos upang matukoy ang mga pagkakatulad at relasyon ay mahalagang kasanayan sa kwalitatibong pag-aanalisa. Sa ganitong paraan, nagiging mas angkop ang tematikong pagsusuri sa mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan at pananaw ng mga kalahok.

**Paghahanda at Pag-aayos ng mga Datos sa Pagtatasa**

Ang kuwalitatibong paggawa ay madalas na bumubuo ng isang malaking bahagi ng datos. Ang mga haba ng oras ng panayam o pangkatang panayam, mga pahina ng mga tala sa pagmamasid, at hindi mabilang na mga dokumento ay maaaring makuha sa panahon ng pangongolekta ng datos. Ang dami ng datos na nakolekta ay kadalasang nakakondisyon sa haba ng yugto ng gawain. Kaya, isa sa mga unang hakbang sa kuwalitatibong pagsusuri ay ang pagsasaayos ng datos para sa tematikong pagsusuri. Sa pagsasagawa, ito ay karaniwang nasasangkot ng pagtitipon ng lahat ng audio-biswal na mga kagamitan na magkasamang naka-imbak sa iisang lokasyon, pagpapalit ng mga tala sa pagmamasid sa elektronik na pormat, at mga na-*scan* na dokumento na nasa anyong papel. Iminumungkahi na sa prosesong ito ay gumagamit ng sistema ng klasipikasyon sa bawat dokumento. Bagaman madali lamang ang yugtong ito ay mahalaga dahil sa puntong ito nagsisimula ang mga iskolar na bumuo ng datos kung saan kukumpletuhin ng mananaliksik ang kaniyang tematikong pagsusuri.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Transkripsiyon**

Karaniwang nakokolekta ang mga awdyo-bisuwal na kagamitan sa kuwalitatibong pagsusuri. Ang mga mananaliksik sa nasabing pagsusuri ay naglalaan ng oras sa pagklasipika ng datos bilang paghahanda para sa karagdagang pagsusuri. Para sa tematikong pagsusuri, ang mga verbatim na transkripsyon na naglalayong makuha ang bawat pagbigkas mula sa kalahok at magsilbing bilang isang tumpak na tala at tugon ng usapan.

**Pagtatala ng Datos**

Habang sinusuri ko ang mga nakalap na datos ay maaaring makatulong ito na makabuo ng personal na interpretasyon o hinuha iksik sa tugon ng kalahok sa pag-aaral. Maaaring naisin ng isang mananaliksik na bumuo ng kaniyang sariling hinuha o interpretasyon upang maiugnay ang tugon ng mga kalahok. Ayon kay Dey (1993) sa paggawa ng tala ng datos ay hindi dapat maging konklusibo. Kaya, ang yugtong ito ay nagsisilbing isang imbitasyon para sa karagdagang pagsusuri. konklusibo. Kaya, ang yugtong ito ay nagsisilbing isang imbitasyon para sa karagdagang pagsusuri.

## III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

**Mga Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsulat sa Filipino sa mga Mag-aaral na Blaan**

Sa isinagawang panayam ng mananliksik, natuklasang may iba't ibang karanasan ang mga gurong nagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan sa piling mataas na paaralan ng Sangay ng Davao del Sur. Mula rito, lumabas ang apat na tema na makikita sa Talahanayan 3. Nakikitang ang mga guro ay (1) nahaharap sa mga hirap at balakid ng pagtuturo ng wika; (2) nabibigyang pagkakataong matutuhan ang isang wikang katutubo; nagbibigay ng mga pagsasanay sa elemento ng wika; at nakapagtatamo ng kaluguran dahil sa mga batang tinuturuan.

***Nahaharap sa Mga Hirap at Balakid ng Pagtuturo ng Wika***

Sa pagsusuri ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral na Blaan, lumitaw na malaking hamon ang paggamit ng kanilang unang wika. Dahil mas sanay sila sa diyalektong Blaan, nahihirapan silang makabuo ng mahusay na sulatin sa Filipino, partikular sa gramatika, bokabularyo, at pagbubuo ng ideya. Katulad ng binanggit nina Ma (2021), Akramovna et al. (2020), at Amalia at Fatimah (2021), hamon talaga para sa mga guro ang pagtuturo sa mga mag-aaral na hindi taal na tagapagsalita ng Filipino. Dagdag pa rito, ayon kina Penfold (1996) at McConville (2019) na binanggit nina Tus et al. (2023), ang hadlang sa wika ay nakaaapekto sa pagganap sa akademya at maaaring magdulot ng pagkabigo sa pagkatuto. Ipinakita rin nina Nag et al. (2014) na binanggit nina Saysi at Batuctoc (2023) na ang mga mag-aaral na kulang sa pundasyon sa wika ay mas nanganganib na mahirapang makasabay. Dahil dito, mahalaga para sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

mga guro ng IPEd na masuri ang literasi at kahandaan ng kanilang mga mag-aaral bago magtakda ng gawaing pangwika. Kaugnay nito, binigyang-diin ng mga pag-aaral ang paggamit ng kulturang nakasentro at makabagong estratehiya gaya ng teknolohiya, kolaboratibong pagkatuto, at scaffolded learning upang mapataas ang motibasyon at kasanayan ng mga mag-aaral (Thane, n.d.; Wahyuningsih et al., 2023; Huo, 2020; Nangimah, 2020; Dumlao & Mengorio, 2019).

***Nagbibigay ng mga Pagsasanay sa Elemento ng Wika***

Bahagi ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan ang pagbibigay ng pagsasanay sa elemento ng wika upang mas maging mabisa ang pagtuturo. Binibigyang-diin nila ang tamang gamit ng bantas at iba pang kasanayang lingguwistiko upang makagawa ng mahusay na sulatin ang mga katutubong mag-aaral. Ayon kay Yu (2016), mahalaga ang pagsasanay sa elementong pangwika sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat, na pinatibay pa nina Snooks (2018) at Teresa et al. (2022) na ang pang-araw-araw na gawain sa pagsulat ay nakapagpapabuti ng akademikong pagganap. Dagdag dito, ipinakita nina Sarkar at Xiangdong (2018) na ang sistematikong kurikulum para sa baguhang manunulat ay nagdudulot ng pag-unlad sa kasanayan, tiwala sa sarili, at pag-unawa sa halaga ng pagsulat. Samantala, ang mga estratehiya gaya ng Task-based Language Teaching (TBLT) at integrated skills approach ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng organisasyon, bokabularyo, at kalidad ng sulatin (Balida et al., 2023; Cuesta & Fernández, 2022, 2023; Salas et al., 2023). Gayundin, ipinakita ng Self-Regulated Development (SRSD) program na ang eksplisitong pagtuturo ng lingguwistikong aspeto ay nakapagpapataas ng kalidad ng mga teksto (Rodgers & Loveall, 2023; Wong & Jamaluddin, 2023).

***Nagkapagtatamo ng Kaluguran dahil sa mga Batang Tinuturuan***

Masarap sa pakiramdam ng mga guro ang makapagturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan, kahit nahihirapan silang umangkop dahil sa unang wikang kinagisnan ng mga estudyante. Gayunpaman, nakararanas sila ng kasiyahan at katuparan tuwing nakikita nilang natututo ang kanilang mga mag-aaral, gaya ng binigyang-diin ni Almutairi (2018). Pinatibay nina Ahlan (2021), Wang-Hiles (2023), at Shahid (2020) na ang ganitong karanasan ay nakapagpapahusay ng kahusayan sa pagtuturo, habang binanggit ni Liu (2022) na ito ay nagbibigay-sigla sa mga guro. Dagdag pa rito, ipinakita ng mga pananaliksik na ang teorya, praktikal na pamamaraan, at gabay ng guro ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat (Cheng & Zhang, 2022; Ruslan et al., 2020). Sa kabuuan, ang pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral na hindi katutubong tagapagsalita ay hindi lamang nagtataguyod ng kaalaman kundi nagdudulot din ng kasiyahan at katuparan sa mga guro (Orosz et al., 2019).

**Mga Pagtatagumpay ng mga Guro sa mga Pangunahing Hamon sa Pagtuturo ng Pagsulat sa Filipino sa mga Mag-aaral na Blaan**

Sa isinagawang panayam ng mananaliksik sa mga gurong nagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan, napatunayan ng mananaliksik na nagkaroon sila ng iba't ibang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pamamaraan upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng pagsulat. Kaya, lumabas mula rito ang mga temang: (1) Ang Pagsasagawa ng Pagsasalin Mula sa Wikang Filipino Tungo sa Wikang Blaan; (2) Pagtuturo ng mga Teknikal na Kaalaman sa Pagsulat; at (3) Pag-aaral sa Unang wika ng mga mag-aaral.

***Ang Pagsasagawa ng Pagsasalin Mula sa Wikang Filipino Tungo sa Wikang Blaan***

Kaugnay ng mga hamon sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan, lumitaw na mahalaga ang papel ng pagsasalin mula sa wikang Filipino tungo sa wikang Blaan at kabaliktaran upang mas madaling maunawaan ang kahulugan ng mga salita. Kabilang dito ang paglilista ng mga salitang katutubo at ang katumbas na salin nito sa Filipino, gayundin ang pagtutulungan ng mga mag-aaral na bihasa sa dalawang wika (Sismat, 2022; Yusupov, 2022; Beiler & Dewilde, 2020; Linh, 2022). Ipinakita ng iba pang pananaliksik na ang pagsasalin ay hindi lamang nakapagpapalawak ng bokabularyo kundi nakatutulong din sa komunikasyong cross-cultural at konseptuwal na pag-unawa (Gonzales & Machado, 2022; Stepanyan, 2022; Ma, 2021). Sa kabuuan, ang pagsasalin ay nagsisilbing tulay na nag-uugnay ng kasanayang panlingguwistika at nagbibigay-daan sa mas mahusay na kasanayan sa pagsulat (Galante, 2021; Lee, 2018; Stepanyan, 2016).

***Pagtuturo ng mga Teknikal na Kaalaman sa Pagsulat***

Napupuna ng mga guro na may kahinaan ang mga mag-aaral na Blaan sa teknikal na aspeto ng pagsulat, gaya ng pagbabaybay, gramatika, at pagsunod sa hakbang ng pagsulat. Upang tugunan ito, nagsasagawa sila ng masusing pagtuturo at pagsasanay na nakatuon sa estruktura ng wika at gramatika, na napatunayang mahalaga para sa malinaw na pagpapahayag at mas mabisang pag-unawa (Yu, 2023; Wang, 2023; Gombert et al., 2022). Pinatutunayan ng mga pag-aaral na ang teknikal na pagsulat ay hindi lamang nakapagpapabuti ng kasanayang pangwika kundi nakapagpapalalim din ng etikal na pananagutan at pakikilahok sa lipunan, lalo na sa larangang teknikal at agham (Dhawi, 2018; Wada et al., 2022). Gayunpaman, nananatiling hamon ang limitadong bokabularyo, maling kapitalisasyon, at kahirapan sa pagbabaybay, na patuloy na dapat bigyang-pansin upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat (Ahmed, 2018; Hajar, 2019; Sarwat et al., 2021).

***Pag-aaral sa Unang Wika ng mga Mag-aaral***

Lumabas sa pag-aaral na higit na nakatutulong sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa mga mag-aaral na Blaan ang pagkatuto ng mga guro sa kanilang unang wika, dahil nagiging mas epektibo ang pakikipag-ugnayan at mas madaling natututuhan ang ikalawang wika kung isinasaalang-alang ang wikang kinagisnan (Irwansyah, 2019; Kadel, 2020). Napatunayan ng mga pananaliksik na ang paggamit ng katutubong wika ay nakapagpapahusay hindi lamang sa pagsulat kundi pati sa pagbabaybay, pagkilala ng salita, at iba pang kasanayang pangwika, lalo na kung ginagamit din ang teknolohiya at mga aplikasyon batay sa unang wika (Romrome & Ena, 2022; Ding, 2022; Kumar et al., 2022; Umar, 2022). Dagdag pa rito, ipinakita na ang wika at kultura ay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

hindi mapaghihiwalay, sapagkat ang mga salik na pangkultura at pagkakaiba ng diyalekto ay nakaaapekto sa pagkatuto ng Filipino at maaaring magdulot ng kalituhan sa pambansang wika (Lou, Ren, & Zhang, 2020; Bautista et al., 2019).

**Mga Mungkahing Pang-edukasyon para sa Pagpapahusay ng Pagtuturo ng Pagsulat sa Filipino sa mga Mag-aaral na Blaan**

Matapos kong magalugad ang mga karanasan at kung paano napagtagumpayan ng mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral na Blaan, ginalugad ko naman ang mga kuro-kuro ng mga guro na maaaring input sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral na Blaan sa wikang Filipino. Mula rito, lumabas ang apat na tema na makikita sa Talahanayan 5: (1) Pagpapayaman sa Pedagohiya ng Wika; (2) Paglinang ng Diksyunaryo ng Wikang Blaan at Iba pang Kagamitan; (3) Pag-aralan ang Kultura at Tradisyon ng mga Blaan; at (4) Magbibigay ng mga Pagsasanay sa Pagsulat sa Wikang Filipino at Wikang Blaan.

***Pagpapayaman sa Pedagohiya ng Wika***

Mula sa salaysay ng mga guro, lumitaw ang temang *Pagpapayaman sa Pedagohiya ng Wika*, na nagpapakita ng pangangailangan nila ng mas malalim na kaalaman at pagsasanay sa mga estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Pinatotohanan ng iba't ibang pag-aaral na ang pagpapabuti ng pedagohiya, kabilang ang paggamit ng gramatika, kultura, at teknik tulad ng translanguaging at data-driven learning, ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral na hindi katutubong tagapagsalita. Gayunpaman, lumitaw rin ang mga suliranin gaya ng kakulangan sa paghahanda, kagamitan, at oras, kaya't binigyang-diin na ang pamumuhunan sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro ang susi sa pagpapaunlad ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral na Blaan.

***Paglinang ng Diksyunaryo ng Wikang Blaan at Iba pang Kagamitan***

Mula sa panayam sa mga guro, lumitaw na mahalaga ang paglinang ng diksyunaryo ng wikang Blaan at pagbibigay ng angkop na kagamitan upang masuportahan ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, bagay na pinatibay nina Hamid (2018), Youssif (2019), at Kim-Rich at Curwood (2023) na nagsasabing mahalaga ang diksyunaryo sa paglinang ng bokabularyo at pagsulat sa pangalawang wika. Gayunpaman, nananatiling hamon ang kakulangan ng mga lokal na babasahin at silid-aklatan, habang ipinakita nina Leano et al. (2019) at Domingo (2020) na ang kakulangan ng mga kagamitang panturo ay nakapagdudulot ng pagbaba ng interes at motibasyon sa pag-aaral ng wika. Samantala, ayon kina Man (2021), Abad (2020), at Maristy (2019), ang pagbibigay ng sapat, angkop, at kontekstuwalisadong materyales ay susi sa epektibong pagkatuto at pagpapaunlad ng pagsulat ng mga mag-aaral na Blaan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Pag-aralan ang Kultura at Tradisyon ng mga Blaan***

Mula sa panayam sa mga guro, lumitaw na mas epektibo ang pagtuturo kung isasama ang kultura at tradisyon ng mga mag-aaral, bagay na pinatibay ng mga pag-aaral nina Corbett (2022), Zhang at Zhou (2019), at Kadel (2020) na nagpapakita na ang integrasyon ng kultura sa pagtuturo ng wika ay nakapagpapabuti sa kasanayan sa pagsulat at komunikasyon. Gayundin, pinatunayan nina Zhao (2017), Fitriana (2023), at Isro'iyah at Herminingsih (2023) na ang paggamit ng lokal na kuwento, tradisyon, at kultural na materyales ay nakapagpapalawak ng bokabularyo, nagpapalalim ng kritikal na pag-iisip, at nagbubukas ng malikhaing pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinakita nina Alcueres (2020), Oclarit, Betarmos, at Casinillo (2023), at Irwansyah (2019) na ang pagpapahalaga ng guro sa kultura ng mga mag-aaral ay nakapagpapataas ng kumpiyansa, partisipasyon, at positibong identidad, ngunit nananatiling hamon ang kakulangan ng kontekstuwalisadong kagamitan (Renganathan, 2022).

***Magbibigay ng mga Pagsasanay sa Pagsulat sa Wikang Filipino at Wikang Blaan***

Mahalaga para sa mga gurong nagtuturo ng pagsulat sa mga katutubong Blaan na mabigyan sila ng sapat na pagsasanay at praktis upang mapaunlad ang kanilang kaalaman at estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat sa wikang Filipino. Ipinakita sa mga tugon ng mga kalahok na ang mga seminar at workshop ay nakatutulong upang makapagbigay ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo gaya ng Talk for Writing (TfW), Classroom Action Research (CAR), at pagsasanay sa pagsulat ng tula at siyentipikong artikulo (Sorenson, 2017; Ma, 2021; Hughes at Miller, 2018; Tosuncuoğlu at Kırmızı, 2019). Dagdag pa, ayon kay Demirezen (2021), ang ganitong pagsasanay ay nakapagpapalakas ng kumpiyansa ng guro at nakapagpapabuti sa komunikasyon sa pagsulat at pagsasalita ng mga mag-aaral. Higit pa rito, pinatunayan nina Suryani at Argawati (2023) na ang paggamit ng writing practice devices at nina Meyer at Sawyer (2023) na ang paggamit ng brainstorming techniques at lesson study ay nakatutulong sa paglutas ng mga tiyak na hamon sa pagsulat. Ipinapakita ng mga pag-aaral na kapag nabibigyan ng sapat na pagsasanay at kasangkapan ang mga guro, mas nagiging epektibo ang kanilang pagtuturo, na nagreresulta sa mas matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Pangunahing Resulta ng Pananaliksik**

Ipinapakita ng pag-aaral na ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa teknikal na larangan ay nakapagpapalalim ng pag-unawa, nagpapataas ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral, at nakatutulong sa praktikal na aplikasyon ng kanilang natutunan. Lumitaw rin na mahalaga ang patuloy na pagsasanay ng mga guro, repaso ng kurikulum, at paggamit ng teknolohiya tulad ng digital platforms at e-modules upang mas maging angkop at makabago ang pagtuturo. Sa kabuuan, kinakailangan ang sama-samang pagtutulungan ng DepEd, mga paaralan, guro, at mananaliksik upang matiyak ang mataas na kalidad ng edukasyon at kahandaan ng mga mag-aaral sa hinaharap.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## MGA SANGGUNIAN

[1] Ahmed, A. (2018). Assessment of EFL writing in some Arab world university contexts: Issues and challenges. Assessing EFL writing in the 21st century Arab world: Revealing the unknown, 1-19. https://link.springer.com/chapter/10.1007/978-3-319-64104-1_1

[2] Ahmed, M. K. (2018). Pedagogy in speaking: Challenges addressed by teacher-student in the ESL context. International Journal of Applied Linguistics and English Literature, 7(3), 97-107. http://dx.doi.org/10.7575/aiac.ijalel.v.7n.3p.97

[3] Aji, M. P. P. (2016). Teaching reading using authentic materials. English Education: Journal of English Teaching and Research, 1(2), 70-78. https://repository.unpkediri.ac.id/2797/

[4] Akramovna, M. S., Alimovn, T. A., & Djurakulovna, F. N. (2020). Difficulties in teaching writing skill. International Journal on Integrated Education, 3(12), 453-457. https://doi.org/10.31149/ijie.v3i12.1053

[5] Alcueres, M. N. J. R. (2020). Bukidnon-magahat learners' plight: Factors affecting learning academic performance. International Journal for Research In Social Science and Humanities, 6(5), 1-31. https://www.academia.edu/download/83656597/Bukidnon-Magahat_20Learners_E2_80_99_20Plight_20_20Factors_20Affecting_20Learning_20Academic_20Performance.pdf

[6] Almutairi, N. D. (2018). Teaching writing to non-native speakers: First language composing v/s second language composing. Arab World English Journal, 9(3), 434-445. https://eric.ed.gov/?id=EJ1312997

[7] Baddour, E. (2022). Technical writing as embodiment: iFixit. In Embodied Environmental Risk in Technical Communication (pp. 228-244). Routledge. https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781003266549-15/technical-writing-embodiment-elizabeth-baddour

[8] Balida, D. A. R., Guillergan, V. V., & Hapinat, H. L. (2023). The effects of workshop intervention on research writing skills. Russian Law Journal, 11(3), 2086-2099. https://cyberleninka.ru/article/n/the-effects-of-workshop-intervention-on-research-writing-skills

[9] Beiler, I. R., & Dewilde, J. (2020). Translation as translingual writing practice in English as an additional language. Modern Language Journal, 104(3), 533–549. https://doi.org/10.1111/modl.12660

[10] Boran, G. (2015). Information structure in EFL teaching. International Online Journal of Education and Teaching (IOJET), 2(3), 199-214. https://core.ac.uk/download/pdf/276292800.pdf

[11] Cheng, X., & Zhang, L. J. (2022). Teachers helping EFL students improve their writing through written feedback: the case of native and non-native English-speaking teachers' beliefs. Frontiers in Psychology, 13, 804313. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.804313

[12] Corbett, J. (2022). An intercultural approach to English language teaching. 2nd Edition. Languages for Intercultural Communication and Education. https://eric.ed.gov/?id=ED618950

[13] Coullie, J. (2020). Teaching strategies for lecturers and tutors to assist non-English mother tongue tertiary students: Summarizing, paraphrasing and vocabulary enrichment. South African Journal of Higher Education, 34(1). https://doi.org/10.20853/34-1-2924

[14] Cuesta, P. V. N., & Fernández, A. M. (2022). The effectiveness of task-based language teaching on the writing skill: a systematic research synthesis. Ciencia Digital, 6(1), 27–46. https://doi.org/10.33262/cienciadigital.v6i1.1953

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[15] Darmawan, R., & Santosa, S. (2022). Localizing literature: The use of non-native English reading sources. English Education: English Journal for Teaching and Learning, 10(01), 26-38. https://jurnal.uinsyahada.ac.id/index.php/EEJ/article/download/5325/pdf_1
[16] Demirezen, M. (2021). The stress and intonation background of prepositional verbs versus Phrasal verbs for language teachers. Çankaya University Journal of Humanities and Social Sciences, 15(2), 242-258. https://doi.org/10.47777/cankujhss.1047481
[17] Domingo, P. (2020). Triumphs and struggles in teaching the English language. International Journal of Studies in Education and Science (IJSES), 1(1), 59-79. https://ijses.net/index.php/ijses/article/view/2120
[18] Huo, X. (2020). Review of research on teachers of English as an international language. In Springer eBooks (pp. 61–77). https://doi.org/10.1007/978-3-030-60599-5_4
[19] Irwansyah, D. (2019). Incorporating intercultural competences in developing English materials for writing classes. http://repository.metrouniv.ac.id/id/eprint/320/1/5_Uji%20Turnitin_JLTR.pdf
[20] Isro'iyah, L., & Herminingsih, D. I. (2023). Teaching culture of others through English literature: English. International Journal of Language and Literary Studies, 5(2), 136-146. http://dx.doi.org/10.36892/ijlls.v5i2.1248
[21] Jang, S. (2023). A Study on the science and engineering writing education using technical writing: Focusing on improving communication and ethical capabilities. Research Gate, 14(2), 277–305. https://doi.org/10.37736/kjlr.2023.04.14.2.09
[22] Jebbour, M. (2021). English language teaching in Morocco: A focus on the English department. The Journal of North African Studies, 26(1), 103-115. http://dx.doi.org/10.1080/13629387.2019.1681267
[23] Kadel, P. B. (2020). Developing writing skills through reading culture at secondary level. Internal Journal of Scientific and Research Publications, 10(3), 384-388. http://dx.doi.org/10.29322/IJSRP.10.03.2020.p9944
[24] Kauhanen, H., Einhaus, S., & Walkden, G. (2023). Language structure is influenced by the proportion of non-native speakers: A reply to Koplenig (2019). Journal of Language Evolution, 8(1), 90-101. http://dx.doi.org/10.1093/jole/lzad005
[25] Keavy, M. (2022). Embodiment in an indigenous lit classroom: Why I'm over discussion but can't get enough of research-creation. Studies in American Indian Literatures, 34(1), 16-29. https://doi.org/10.1353/ail.2022.0003
[26] Kim-Rich, E., & Curwood, J. S. (2022). Literacies, language, and schooling: exploring writing pedagogy for English language learners. In Elsevier eBooks (pp. 65–75). https://doi.org/10.1016/b978-0-12-818630-5.07057-3
[27] Kord, M. A., & Baqeri, M. (2022). An investigation into the methods and approaches that a non-native English-speaking teacher can make use of to teach the English language to local students effectively. British Journal of Education, 10(6), 56–66. https://doi.org/10.37745/bje.2013/vol10n6pp5666
[28] Kumar, P. V., & Pradad, B. (2023). Implementation of blended teaching approach in improving writing skills of technical students. International Journal of English Learning & Teaching Skills, 5(3), 3381-3388. https://www.ingentaconnect.com/contentone/smart/ijelts/2023/00000005/00000003/art00001
[29] Kumar, T., Ritonga, M., & Julhadi, J. (2022). Mother tongue as a threat for English language learning at primary level in Indian schools: a Survey-based study. Jurnal Ilmiah Peuradeun, 10(3), 817. https://doi.org/10.26811/peuradeun.v10i3.748

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[30] Lear, M. F. (2023, July). Alphabet primer as mother tongue-based multilingual education supplementary instructional material. In Forum for Linguistic Studies (Vol. 5, No. 1, pp. 223-233). https://ojs.acad-pub.com/index.php/FLS/article/view/869
[31] Lee, I. (2017). Purpose, Theory, and practice of classroom L2 writing assessment. In Classroom Writing Assessment and Feedback in L2 School Contexts (pp. 9-24). Singapore: Springer Singapore. https://doi.org/10.1007/978-981-10-3924-9_2
[32] Lee, M. W. (2018). Translation revisited for low-proficiency EFL writers. ELT Journal, 72(4), 365-373. https://academic.oup.com/eltj/article-abstract/72/4/365/4965860
[33] Lelibeth, L. (2024). Unraveling the challenges: An in-depth examination of reading and writing difficulties in kindergarten learners. International Journal of Science and Research Archive, 12(1), 2715-2737. https://doi.org/10.30574/ijsra.2024.12.1.1115
[34] Linh, P. H. D. (2022). The effects of translation as a pedagogical tool in teaching non-English majored students. VNU Journal of Science Education Research. https://doi.org/10.25073/2588-1159/vnuer.4617
[35] Liu, G. (2022). Investigating the English writing strategies used by Chinese senior high school students. Theory and Practice in Language Studies, 5(4), 844. http://dx.doi.org/10.17507/tpls.0504.21
[36] Liu, Y. (2023). Analysis of the role of mother tongue transfer in SLA from cross-cultural communication. In SHS Web of Conferences (Vol. 171, p. 02008). EDP Sciences. http://dx.doi.org/10.1051/shsconf/202317102008

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved